

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA III

Yunit 3  
Modyul Blg. 12

## *Filipino Time, Paano Iwawasto?*

### I. **Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?**

Naranasan mo na bang maghintay nang matagal sa isang kaibigang hindi dumating sa takdang oras ng usapan? Ano ang naramdaman mo habang naghihintay? Ano ang ginawa mo habang hinihintay siya? Mahalaga ba sa iyo ang pagiging laging nasa oras sa anumang usapan o anumang gawain? Bakit?

Kapag naririnig mo ang salitang *Filipino time*, ano agad ang pumapasok sa isip mo? Positibo ba o negatibo ang pananaw mo dito?

Sa palagay mo, salik ba sa pagkakamit ng tagumpay ng isang tao ang paglinang niya ng pagpapahalaga sa oras? Bakit?

Pagkatapos mong basahin at pag-aralan ang modyul na ito, malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

- A. Nasusuri ang epektong dulot sa pag-unlad ng hindi maayos na pamamahala sa oras
- B. Napahahalagahan ang maayos na pamamahala sa oras sa pamamagitan ng pagbabago sa mga hindi mabuting gawi ukol dito
- C. Nailalahad kung paano niya ginugugol ang kanyang panahon sa loob ng isang araw

Naisasabuhay ang wastong paggamit ng oras (*punctuality and promptness*) (L.C 3.3)

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga III kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Direksyon: Isulat ang **T** kung ang pahayag ay *Tama* at kung *Mali* ay palitan ang salitang may salungguhit na nagpamali sa pangungusap.

1. Negatibo ang konsepto ng maraming Pilipino sa *Filipino Time*.
2. Ang ating pagsasawalang bahala sa oras ay personal na bagay at hindi nakaaapekto sa ating kapwa .
3. Sa paaralan unang itinuturo ang pagpapahalaga sa oras.
4. Ang wastong pamamahala sa oras ay pagpapahalagang likas sa lahat ng tao.
5. Ang mañana habit ay tumutukoy sa masigasig na pagsisimula ng gawain at kawalan ng ganang ipagpatuloy ito.
6. Higit na produktibo ang mga taong may pagpapahalaga sa oras.
7. Walang kalayaan ang mga taong laging may *schedule*.

8. Ang taong may disiplina sa sarili ay may kakayahan ding mamahala nang wasto sa kanilang oras.
9. Mahalaga ang maitutulong ng media sa pagmumulat sa mga mamamayan ng wastong paggamit ng oras.
10. Bisyo ang pagiging laging huli sa oras.

B. Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Ang oras ay kakatwa at misteryoso sapagkat:
  - a. mahirap na itong ibalik kapag nawala na.
  - b. nasa ilalim ng kapangyarihan nito ang lahat ng tao.
  - c. hindi natin ito nakikita o nahahawakan
  - d. hindi natin ito maaaring bilhin o nakawin
2. Kung ang bawat sandali'y ginugugol mo sa produktibong gawain, maiiwasan mo ang:
  - a. pagpapasa ng hindi magandang *reports* at *projects*.
  - b. pagod dulot ng labis na pagmamadali.
  - c. chismis at pakikialam sa buhay ng may buhay.
  - d. pag-aaksaya sa mahalagalang minuto at oras na lumilipas.
3. Ang mabuting gawi ay nakatutulong sa pagpapadali ng gawain dahil:
  - a. sa araw-araw na pagsasabuhay ay nakasanayan mo na ito
  - b. nakaiiwas ka sa masasamang bisyo
  - c. mas may kamalayan ka sa mga sandali at oras na dumadaan
  - d. mas may sistema at maayos ang pagtatrabaho
4. "Ituring mong kahapo'y waring panaginip lang." Ipinahihiwatig ng linyang ito na:
  - a. mahalagalang limutin na ang nakaraan
  - b. tandaan ang aral na matututuhan sa nakalipas.
  - c. ang kahapo'y maaaring maging sandigan ng ngayon.
  - d. hindi na maaaring ibalik ang nakalipas.

5. “Kung ang bawat ngayo’y dakila mong nagamit. Masasabi mong kahit na ang bukas ‘di sumapit pa Ang naabot mo’y langit na.” Ano ang ibig ipakahulugan ng mga linyang ito?
- hindi natatakot sa kamatayan ang taong may pagpapahalaga sa oras.
  - ang taong marunong magpapahalaga sa bawat sandali at oras ay uunlad.
  - hindi dapat maging alipin ng nakaraan ang tao.
  - Ang bukas ang sandihan ng bawat hinaharap.

C. Alin sa mga gawaing nakalista sa ibaba ang maituturing na maayos at makabuluhang paggamit ng oras? (Produktibo ang isang gawain kung kapakipakinabang na nagagamit ang oras sa pagsasagawa nito.) Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kolum. Isulat ang iyong paliwanag sa espasyong nakalaan para dito.


Gawain	Produktibo	Hindi Produktibo	Paliwanag sa Sagot
1. Pagtulog			
2. Panonood ng T.V			
3. Paglalaro ng basketball			
4. Pagbabasa			
5. Pakikipagkuwentuhan sa kamag-aral			
6. Pag-iinternet			
7. Pamamasyal sa <i>mall</i>			
8. Pagvi-videoke			
9. Pagmamasid sa mga tao			
10. Pagdo- <i>drawing</i>			

### III. Tuklasin Mo

#### Gawain Blg. 1

Ang oras ay ginto, marahil maraming beses mo na itong narinig. Pero pinahahalagahan mo nga ba ito tulad ng pagpapahalaga mo sa isang mamahaling bagay tulad ng ginto? Tingnan ko nga kung paano mo ginugugol ang bawat oras sa maghapon. Umaasa akong sasagutin mo ang susunod na gawain nang buong katapatan. Handa ka na? Simulan mo na.

Paano mo ginugugol ang bawat oras sa maghapon? Isulat ito sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong schedule sa loob ng orasan sa ibaba.



## Sagutin Mo

1. Batay sa iyong schedule masasabi mo bang naging maayos ang pamamahala mo sa oras? Patunayan.
2. May mga gawain ka bang gumugugol ng iyong panahon subalit hindi naman mahalaga?
  - a. Ilista ang mga ito.
  - b. Paano naaapektuhan ng sagot mo sa bilang 2 ang iba mo pang gawain?
3. Anu-ano ang mga dapat mong baguhin sa iyong *schedule*? Gumawa ng *schedule* na nagpapakita nang maayos na pamamahala ng iyong oras.

## Gawain Blg. 2

Paano mo gagamitin nang maayos ang iyong oras sa mga sumusunod na sitwasyon?

### 1. Paghihintay sa *book store*

May usapan kayo ng iyong kaibigan na magkikita sa isang *book store* ganap na ika-sampu ng umaga. Maaga kang dumating sa inyong tagpuan ngunit wala pa siya.

Lumipas ang 30 minuto, wala pa rin siya. Paano mo gagamitin nang makabuluhan ang iyong oras habang naghihintay sa kanya?



## 2. Pagliban ng Guro

Liban ang inyong guro sa Filipino at matematika. Nangangahulugan itong dalawang oras na wala kayong gagawin.

Nagkayayaan ang iba sa iyong mga kamag-aral na tumakas sa *gate* at mag *cutting classes*.

Paano mo gugugulin nang wasto ang dalawang bakanteng oras na ito?



## 3. Bakasyon sa Pasko

Dalawang linggo ang *Christmas vacation*. Paano mo gagawing makabuluhan ang pagbabakasyong ito?



### Sagutin Mo

1. Bakit mahalagang malinang sa kabataang tulad mo ang pagpapahalaga sa oras?
2. Bakit inihalintulad ang oras sa ginto?
3. Ano ang maaaring idulot sa iyo nang wastong pamamahala sa oras?

### Gawain Blg. 3

Pagnilayang mabuti ang mensahe ng awitin.

Ngayon  
(Leo Valdez)

Ngayon ang simula ng hiram mong buhay  
Ngayon ang daigdig mo'y bata at makulay  
Ngayon gugulin mo nang tama't mahusay  
Bawat saglit at sandali  
Magsikap ka't magpunyagi  
Maging aral bawat mali

Ngayon bago ito maging kahapon  
Ang pagkakataon sana'y huwag matapon  
Ikaw, tulad ko rin ay may dapit-hapon  
Baka ika'y mapaligon sa nagdaang bawat ngayon  
Nasayang lang na panahon.

Ituring mong kahapo'y waring panaginip lang  
Ang bukas pangitain niya'ng ganda'y sa isip lang  
Kung ang bawat ngayon mo ay laging sulit lang  
Kay ganda ng buhay ngayon.

Sa buhay mong hiram  
Mahigpit man ang kapit  
May bukas na sa iyo'y di na rin sasapit  
Ngunit kung ang bawat ngayo'y dakila mong nagamit  
Masasabi mong kahit na ang bukas 'di sumapit pa  
Ang naabot mo'y langit na.

Ituring mong kahapo'y waring panaginip lang  
Ang bukas pangitain niya'ng ganda'y sa isip lang  
Kung bawat ngayon mo sa iyo ay laging sulit lang  
Kay ganda ng buhay  
Buhay mo'y matibay  
Dahil ang sandiga'y ngayon.



Sagutin mo:

1. Ano ang mensaheng hatid ng awitin?
2. Bakit ang sandigan ng magandang bukas ay ang ngayon?
3. Bakit dapat pahalagahan ang bawat sandali ng iyong buhay?
4. Paano mo iiugnay ang awitin sa mga naunang gawain?



#### IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

Punan ang hindi tapos na pangungusap sa ibaba batay sa iyong sariling pananaw.

Sa kabila ng aking kabataan, maaari kong mapamahalaan nang wasto ang aking oras sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_



---

Sa tulong ng \_\_\_\_\_, magagawa kong laging sumunod sa takdang oras ng pinag-usapan.

Maaari kong maiwasto ang pananaw ng iba ukol sa *Filipino time* sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_

---

#### V. Pagpapatibay

##### Ang Wastong Pamamahala sa Oras

Isa sa hindi kanais-nais na katangian ng marami sa ating mga Pilipino ay ang kakulangan ng pagpapahalaga sa oras.

*Filipino Time* ang tawag dito. Asahan mong kapag ito ang katagang binanggit ay nangangahulugang huli sa oras. Marahil napupuna mo sa mga programa sa paaralan, mga miting, sa mahahalagang okasyon ay iilan lamang ang sumusunod sa takdang oras.

Ayon kay Dr. Jesus P. Estanislao, mahalagang linangin natin ang pagpapahalaga sa oras sapagkat isa ito sa susi sa pag-unlad ng ating bansa. Nararapat magsimula ng anumang gawain sa itinakdang oras nito. Ang pagiging laging huli ay hindi produktibo. Hindi lamang ang sariling *schedule* ang naaapektuhan kung hindi tayo marunong mamahala nang wasto sa ating oras. Maging ang oras ng iba ay ating naaabala.


Dapat nating isipin ang oras ng kapwa na naghihintay sa atin. Paano na ang oras nila? Tiyak mas marami pang makabuluhang gawain ang maaari nilang ginawa kung hindi sila naghintay sa iyo.

Kasama sa mapanagutang pamamahala ng mga kaloob ng Diyos sa atin ang paraan kung paano natin ginagamit ang ating oras.

Higit na mas malalang anyo ng pagwawaldas ang pag-aaksaya sa oras; Ang pera na gastahin mo sa pagbili ng mga hindi naman mahalagang bagay ay maaaring mapalitan; subalit ang oras na inaksaya ay hindi na mapapalitan o maibabalik pa. Ito ang dahilan kung baakit mahalagang matutuhan at malinang mo ang wastong pamamahala sa oras at ang mga pagpapahalagang kaugnay dito.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

### Ano ang oras?



Ang oras ay isang kakatwa at mysteryosong bagay. Hindi natin ito nakikita, naririnig o nadarama. Hindi natin ito mapabibilis, mapababagal o mapahihinto, Hindi rin natin ito maaaring bilhin o nakawin. Subalit maaari natin itong gamitin, aksayahin, o ibigay sa iba.

Ang buo nating buhay ay kontrolado ng oras. Ano nga ba talaga ang oras? Saan natin ito matatagpuan? Saan ito nanggaling? Saan ito patutungo?

Lahat ng tao sa daigdig- bata, matanda, babae, lalaki ay pinagkalooban ng oras. Binubuo ito ng dalawampu at apat na oras, isang araw ang tawag natin dito. Anuman ang lipi, relihiyon o nasyonalidad ang ating kinabibilangan, magkakatulad at pantay pantay ang araw na ipinagkaloob sa atin. Kahit wala tayong orasan, ang ating buhay ay puno pa rin ng oras. Pinaalalahanan tayo ng apostol na si San Pablo sa Efeso 5:15 na gamitin natin nang maayos ang ating oras.

Kailangan nating gamitin nang wasto ang ating oras sapagkat ang bawat pagdaan nito ay maituturing nating una at huling karanasan natin dito. Hindi na muling babalik pa ang oras na lumilipas, kaya't kailangang pamahalahan natin ang bawat pagdaan nito sa ating buhay.

Sa kabila ng katotohanang hindi natin ito mapahihinto, maaari naman nating itong ihandog sa ating kapwa. Marahil, ito ang pinakadakilang maaari nating ipagkaloob sa ating kapwa... ang ating panahon.

Walang anumang materyal na bagay ang maaaring makapantay ng paghahandog natin ng ating panahon sa pagtulong sa kapwa.

Huwag kang magagalit kung kadalasa'y tila alipin ka ng oras. Wala kang magagawa, kasama mo iyan habang buhay. Ang mahalagang isaisip mo ay kung paano mo ito gagamitin nang wasto upang maging makabuluhan ang bawat pagdaan nito sa iyong buhay.

Salin mula sa *A Thought for Today*  
ni Frank Mihalik, SVD

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Direksyon: Isulat ang **T** kung ang pahayag ay *tama* at kung mali ay palitan ang salitang may salungguhit na nagpamali sa pangungusap.

1. Negatibo ang konsepto ng maraming Pilipino sa *Filipino Time*.
2. Ang ating pagsasawalang bahala sa oras ay personal na bagay at hindi nakaaapekto sa ating kapwa .
3. Sa paaralan nararapat unang itinuturo ang pagpapahalaga sa oras.
4. Ang wastong pamamahala sa oras ay pagpapahalagang likas sa lahat ng tao.
5. Ang manana habit ay tumutukoy sa masigasig na pagsisimula ng gawain at pagkawala nito habang tumatagal.
6. Higit na produktibo ang mga taong may pagpapahalaga sa oras.
7. Walang kalayaan ang mga taong laging may *schedule*.
8. Ang taong may disiplina sa sarili ay may kakayahan ding mamahala nang wasto sa kanilang oras.
9. Mahalaga ang maitutulong ng media sa pagmumulat sa mga mamamayan ng wastong paggamit ng oras.
10. Bisyo ang pagiging laging huli sa oras

B. Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang titik ng pinaka-wastong sagot.

1. Ang oras ay kakatwa at misteryoso sapagkat:
  - a. mahirap na itong ibalik kapag nawala na.
  - b. nasa ilalim ng kapangyarihan niya ang lahat ng tao.
  - c. hindi natin ito nakikita o nahahawakan.
  - d. hindi natin ito maaaring bilhin o nakawin.
  
2. Kung ang bawat sandali'y ginugugol mo sa produktibong gawain, maiiwasan mo ang:
  - a. pagpapasa ng hindi magandang *reports at projects*.
  - b. pagod dulot ng labis na pagmamadali.
  - c. chismis at pakikialam sa buhay ng may buhay.
  - d. pag-aaksaya sa mahahalagang sandali .
  
3. Ang mabuting gawi ay nakatutulong sa pagpapadali ng gawain dahil:
  - a. sa araw-araw na pagsasabuhay ay nakasanayan mo na ito
  - b. nakaiwas ka sa masasamang bisyo.
  - c. mas may kamalayan ka sa mga sandali at oras na dumadaan.
  - d. mas may sistema at maayos ang pagtatrabaho.
  
4. "Ituring mong kahapo'y waring panaginip lang." Ipinahihiwatig ng linyang ito na:
  - a. mahalagang limutin na ang nakaraan
  - b. tandaan ang aral na matututuhan sa nakalipas.
  - c. ang kahapo'y maaaring maging sandigan ng ngayon.
  - d. hindi na maaaring ibalik ang nakalipas.
  
5. "Kung ang bawat ngayo'y dakila mong nagamit. Masasabi mong kahit na ang bukas 'di sumapit pa Ang naabot mo'y langit na." Ano ang ibig ipakahulugan ng mga linyang ito?
  - a. hindi natatakot sa kamatayan ang taong may pagpapahalaga sa oras.
  - b. ang taong marunong magpapahalaga sa bawat sandali at oras ay uunlad.
  - c. hindi dapat maging alipin ng nakaraan ang tao.
  - d. Ang bukas ang sandigan ng bawat hinaharap.

C. Alin sa mga gawaing nalalista sa ibaba ang maituturing na produktibong paggamit ng oras? (Produktibo ang isang gawain kung kapakipakinabang na nagagamit ang oras sa pagsasagawa nito.) Lagyan ng tsek (/) ang kaukulang kolum ng iyong sagot. Isulat ang iyong paliwanag sa espasyong nakalaan para dito.

Gawain	Produktibo	Hindi Produktibo	Paliwanag sa sagot
1. Pagtulog			
2. Panonood ng T.V			
3.Paglalaro ng basketball			
4.Pagbabasa			
5.Pakikipagkuwentuhan sa kamag-aral			
6. Pag-iinternet			
7. Pamamasyal sa <i>mall</i>			
8. Pagvi-videoke			
9. Pagmamasid sa mga tao			
10. Pagdo- <i>drawing</i>			

## VIII Mga Sanggunian

Mihalik, Frank, SVD 2001. *A Thought for Today*. Manila: Logos Publications

Estanislao, Jesus P. *National Culture of Excellence-Book I*. Manila: Center for Research and Communication. 1998

### Susi sa Pagwawasto

#### A. Handa Ka Na Ba?/ Gaano ka natuto?

1. T
2. M-nakaaapekto
3. M- tahanan o pamilya
3. M-hindi likas
4. M- ningas cogon
5. T
6. M –may kalayaan
7. T
8. T
9. T
- 10.T

- #### B.
1. b
  2. d
  3. d
  4. b
  5. b